IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Salinding-Sugilambong: Isang Sanayang Aklat Sa Filipino

**Tacang, Chara M., Escultor Gemma R.**
Surigao Del Norte State Univesity, Philippines

**Abstract**: *Ang layunin sa pag-aaral na ito ay alamin ang mga alamat ng sampung pook sa bayan ng Placer Surigao del Norte na naglalayong ipakita ang kahalagahan ng mga kuwentong ito sa kulturang Pilipino at mapreserba ang mga alamat sa susunod na henerasyon. Ginagamitan ng deskriptibong kwalitatibong pamaraan ang pananaliksik na ito upang mailarawan ng maayos ang gagawing hakbang sa pagkuha ng mga datos. Ang instrumentong ginagamit sa pag-aaral na ito ay ang sarbey questionnaire o katanungan na nagbibigay ng magandang tulong sa pagpapangalap ng mga datos. Pakikipanayam ang isa sa unang mga kagamitan sa pagsusuri ng mga datos. Sa pamamagitan ng pakikipanayam, nakakuha ng akmang mga impormasyon sa napiling impormante ang mananaliksik. Ang mga impormasyon ay magagamit sa pagsagawa ng isang sanayang aklat sa Filipino 3 kasabay ang paggawa ng lesson plan. Sa pag-aaral na ito binanggit ang mga pagsubok ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa kaya't gumawa ang mananaliksik ng isang sanayang aklat sa Filipino 3 upang ito ay makatulong sa mga mag-aaral lalo na sa mga nag-umpisang matuto sa pagbasa*

**Keywords**: Alamat, Kultura, Sanayang Aklat, Pagbasa, Pananaliksik

## I. INTRODUCTION

Sa kasalukuyang panahon, ang edukasyon ay itinuturing na isa sa pinakamahalagang susi sa pag-unlad ng isang indibidwal at ng lipunan. Sa Pilipinas, ang Department of Education (DepEd) ay may malaking papel sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral.

Ang wika ay hindi lamang isang kasangkapan ng komunikasyon kundi isa rin itong salamin ng kultura at kasaysayan ng isang bansa. Ang Filipino ay itinuturing na pambansang wika at ginagamit ito bilang midyum ng instruksyon sa lahat ng antas ng edukasyon. Sa ilalim ng K-12 curriculum, ang Filipino ay isa sa mga pangunahing asignatura na naglalayong mapalawak ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino.

Ang pananaliksik na ito ay magbigay ng masusing pagsusuri sa kahalagahan ng asignaturang Filipino 3 sa kurikulum. Tatalakayin kung paano nito pinapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa wika at kultura, at kung ano ang kagamitan na ginagamit ng mga guro upang mapahusay ang pagkatuto ng mga estudyante sa pagbasa. Bukod dito, aaralin ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Pananay-an sa pagpapatupad ng asignaturang ito at ang mga posibleng solusyon upang mapabuti pa ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino.

Ang mga mga-aaral sa Mababang Paaralan ng Pananay-an ay nadagdagan ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng isang sanayang aklat sa Filipino. Ito ay makakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa ibat ibang aspeto ng gramatika, bokabularyo at iba pang mga konsepto na mahalaga sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa at magkaroon ng mas mahusay na kakayahan sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya at damdamin.

Isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 3 ay ang banghay aralin o lesson plan. Ito ay nagbibigay ng istruktura at gabay sa mga guro at mag-aaral upang masiguro ang epektibong pagkatuto at pag-unlad ng mga kasanayan sa wikang Filipino. Ito ay nagbibigay ng iba't ibang benepisyo na makakatulong sa kanilang pag-unlad at paglago bilang mga mag-aaral at sa lipunan.

Ayon kina Caody at Goodman (2019) ang pag-unawa sa pagbasa ay nagbibigay ng malawak na pag-elaborate ng kaisipan, para sa lubusang pag-unawa ng isang teksto, kailangan ang dating kaalaman ng tagabasa ay maiugnay niya sa

kanyang kakayahang bumuo ng mga konsepto/kaisipan at kasanayan sa pagpoproseso ng mga impormasyon na masasalamin sa teksto.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksk na ito ay naglalayong matuklasan at masuri ang mga alamat sa pook sa bayan ng Placer Surigao del Norte upang matugunan ang layunin ito ay sisikaping masagutan ang mga sumsunod:

1. Matukoy ang mga alamat sa bayan ng Placer, Surigao del Norte batay sa sumusunod na uri:
1.1. Mga etiolohikal na alamat
1.2. Mga di-etiolohikal na alamat
2. Masuri ang mga katangiang pangnilalaman ng mga nasabing alamat batay sa:
2.1. Mga birtud o balyus
2.2. Pagpapahalagang kultural
2.3. Simbolismo
2.4. Tema
3. Matukoy kung anong kompetensi sa ikatlong baitang ng Filipino ang maaaring iugnay sa ginawang sanayang aklat na hango sa mga alamat.
4. Mabuo ang isang awput (output) na maaaring gamitin sa pagtuturo ng Filipino batay sa pagsusuri ng mga alamat sa lokalidad.

## II. PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Sa kabanatang ito inilahad ng mga mananaliksik ang mga pamamaraang ginamit, mga kasangkapan at hakbang na kinailangan sa pangangalap ng datos, gaya ng mga sumusunod; Desinyo, Impormante, Kaligiran ng Pananaliksik, Instrumento ng pananaliksik, Pamaraan ng Pangangalap ng datos at Pagsusuri ng mga datos.

**Disenyo**

Sa pag-aaral na ito, ginamitan ng mananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong disenyo upang matukoy ang kinalabasan ng mga nakalap na datos mula sa mga impormante sa bayan ng Placer, Surigao del Norte.

Ang metodong kwalitatibong desinyo ay isang pagsusuring pangnilalaman, isinasagawa ang pananaliksik na ito dahil ang pagsusuri ng datos ay ipinapakita nang deskriptibo. Ayon kay Sheman at Webb (2001), ang kwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa kahulugan tulad ng nakikita o natamo ng mga indibidwal sa mga aktwal na konteksto ng lipunan. Layunin ng kwalitatibong pananaliksik na tuklasin at unawain ang kahalagahan ng alamat sa bayan ng Placer Surigao del Norte.

**Impormante**

Ang impormante ng pag-aaral na ito ay ang mga napiling tao na nasa edad 50 hanggang 75 na gulang. Ito ay mula sa Brgy. Amoslog, Brgy. Bad-as, Brgy. Bugas-bugas, Brgy. Mabini, Brgy. Macalaya, Bry. Magupange, Brgy. Pananay-an, Brgy. Panhutungan at Brgy. Tagbongabong. Ito ay makikita sa bayan ng Placer, Surigao del Norte. Ginawa ang pananaliksik na ito upang maisakatuparan ang hakbang na gagawin.

Ang pagpili ng mga tao o impormante para sa pananaliksik, tulad ng mga respondente o partisipante, ay isang mahalagang hakbang upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng pag-aaral.

Narito ang ilang palatandaan na dapat isaalang-alang sa pagpili ng mga impormante:

1. Relevansi sa Paksa- Pumili ng mga indibidwal na may kaugnayan o karansan sa paksa ng iyong pananaliksik. Ang kanilang kaalaman at karanasan ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa at makabuluhang impormasyon.
2. Kredibilidad at Propesyonalismo-Pumili ng mga taong may reputasyon at kredibilidad sa kanilang larangan. Ang kanilang propesyonalismo ay makakatulong upang mapanatili ang integridad ng iyong pag-aaral.
3. Diversidad ng Pananaw- Mag-include ng iba't ibang uri ng mga tao upang makakuha ng iba't ibang pananaw at karanasan. Ang diversity ay makakatulong upang mas malawak ang pag-unawa sa isyu o problema.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

4. Kakayahan sa Komunikasyon- Pumili ng mga taong may mah na kakayahan sa komunikasyon upang mas madaling makapagbahagi ng kanilang mga saloobin at karanasan.
5. Availability at Commitment- Siguraduhin na ang mga napiling tao ay may sapat na oras at interes na makilahok sa iyong pananaliksik. Ang kanilang commitment ay mahalaga upang matiyak ang pagkakaroon ng sapat na input at partisipasyon.
6. Etikal na Konsiderasyon- Isaisip ang mga etikal na aspeto ng pananaliksik, tulad ng informed consent at privacy. Tiyakin na ang mga tao ay nauunawaan ang layunin ng iyong pag-aaral at nagbibigay ng pahintulot nang malinaw.
7. Pagsusuri ng Potensyal na Bias- Suriin kung may potensyal na bias ang mga tao na maaaring makaapekto sa kanilang mga sagot. Ang pag-unawa sa mga posibleng bias ay makakatulong upang mas maayos na makapag-analisa ng datos.

Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga palatandaan na ito, masisiguro ang mga tao na pinili ay makakatulong nang mahusay sa pananaliksik at magbibigay ng makabuluhang kontribusyon sa pag-aaral.

**Kaligiran ng Pananaliksik**

Ang Bayan ng Placer ay isang ika-5 klaseng bayan sa lalawigan ng Surigao del Norte, Pilipinas. Ayon sa senso ng 2020, ito ay may populasyon na 29,616 sa may 6,792 na kabahayan.

Talahalayan 1. Ang bayan ng Placer ay nahahati sa 20 na mga barangay.

| | | |
|---|---|---|
| Amoslog | Ipil (Pob.) | Panhutongan |
| Anislagan | Lakandula | San Isidro |
| Bad-as | Mabini | Suyoc |
| Boyongan | macalaya | Sta. Cruz |
| Bugas-bugas | Magsayasay ( Pob ) | Tagbongabong |
| Central (Pob.) | Magupanage | |
| Ellaperal | Pananay-an | |




Plate 1. MAPA NG PLACER, SURIGAO DEL NORTE

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Volume 5, Issue 1, July 2025

ISSN: 2581-9429

Impact Factor: 7.67




Plate 2. MAPA NG SAMPUNG POOK SA BAYAN NG PLACER, SURIGAO DEL NORTE




Plate 3. MAPA NG SAMPUNG POOK SA BAYAN NG PLACER, SURIGAO DEL NORTE


DOI: 10.48175/IJARSCT-28407

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67




Plate 4. MAPA NG SAMPUNG POOK SA BAYAN NG PLACER, SURIGAO DEL NORTE





Plate 5. MAPA NG SAMPUNG POOK SA BAYAN NG PLACER, SURIGAO DEL NORTE

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

**Instumento**

Ang instrumentong ginagamit sa pananaliksik ay ang diskriptong kwalitatibong desinyo kung saan magsasagawa ng pakikipagpanayam gamit ang ginawang katanungan. Matapos ang pagsasagawa ng pakikipagpanayam sa mga napiling impormante, ang mananaliksik ay gumawa ng "Isang Sanayang Aklat sa Filipino at nakahanay ang ginawang Banghay Aralin sa Ikatong Baitang.

Matapos mabuo ng mananaliksik ang babasahing aklat ito ay kanyang unang isinumite sa mga validator ng DepEd, ( Eps-Filipino, Principal, Master Teacher at Teacher III )tagapayo, at sa lupon ng tagapagsuri upang higit na masuri, maisaayos, at mapagtibay ang mga nilalaman. Matapos ang mabusising pagsusuri at pagsasaayos sa mga nilalaman ng instrumento, ang pinal na kopya ay ginamit ng mananaliksik sa kanyang pagbabasa sa mga tagatugon. Ang pababasa ay nakatuon sa paghubog at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binasa.

**Etika at Pamaraan ng Pagkalap ng mga Datos**

Ang sumusunod ay paraan ng pagpangalap ng mga datos bilang hakbang upang maiayos at magabayan ang mgamananaliksik at kasamahan sa panahon ng fieldwork. Narito ang sumusunod;

Paghingi ng Pahintulot sa Municipal Mayor at Punong-Barangay- Nagpadala muna ng liham pahintulot ang mananaliksik sa opisina.

Pag-oobserba / Pagbisita. Pinuntahan ang lugar at nanatili ng ilang araw hanggang sa matupad ang datos nakukunin sa nasabing lugar. Dito nangyayari ang pakikisama, pakikibagay, o pakikipagpalagayang-loob sa mga impormate. Inoobserba dito ang kanilang paraan ng pananalita kasama na ang pagkuha ng wikang sinasalita.

Pakikipanayam. Sa pagbisita, nakipanayam ang mga mananaliksik sa dalawang paraan ang gamit impormal o pormal o sturcutured o unstructured interview depende sa kakapanayamin upang makakapangalap ng datos na kailanganin sa pag-aaral.

**May dalawang hakbang ang pakikipagpanayam:**

a. Una, pakikipanayam sa mga Lumadnon may edad 50 hanggang 75 na gulang upang ang mga salitang nakalap ay gawing ibisdinsya sa mananaliksik.

b. Pangalawa, Pagtala sa mga impormasyong nakuha. Batay sa edad at lugar kung saang lugar kinunan ng imporamasyon.

Pagrerekord. Pagkuha ng mga datos sa pamamagitan ng camera at rekorder o di kaya paglilista upang makakasisiguro na tumpak lahat ng kuhang mga datos mula sa impormante. Lahat ng pag-uusap mula sa pagoobserba, kwentuhan at pakikipanayam ay kinunan lahat ng rekord upang maisatupad ang hanap ng nasabing pananaliksik.

Paghahanda ng mga Datos. Pagkatapos isinagawa ang pagkuha ng datos o pakikipanayam at pag-oobserba ang mga mananaliksik ay maingat na inihanda ang mga sumusunod;

Rebyu. Sa pamamagitan ng pagdinig muli sa kanyang celfone rekorder, idinidekowd at pagbalik-basa na proseso ng mga nairecord nmula sa nakukulekta nitong mga datos mula sa pagooserba, kwentuhan at pakikipanayam.

Pagtatala. Kasabay sa pagrerekord ay pagtatala ng mga salitang kaugnay sa gagawaing pananaliksik. Kasabay sa pagrerekord ay pagtatala ng mga salitang kaugnay sa gagawaing kogneyts maliban sa kurpos sa tulong ng impormante at kalahok sa pag-aaral.

Pagsusuri. Pagsasaayos ng mga orihinal na salita at susuriin ayon sa varayti ng wikang litaw sa bawat kominidad at mahanap ang kalagayan ng paggamit ng alin sa mga wikaing nailarawan at iba pa gamit ang template na binuo ng mga mananaliksik.

Pagsagawa ng Katanungan. Upang may follow-up na datos o impormasyon, mapadali ang pagtanong-tanong sa mga piling tao.

Content Analysis. Sa pamamagitan ng pananalisksik na ito ayon kay Dr. F. A. Hidalgo (2022) isang kilalang eksperto sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas, partikular sa pagtuturo ng Filipino. Ayon naman kay Dr. Ma. L. S. Bautista (2021) isang propesor at mananaliksik sa larangan ng linggwistika at edukasyon sa Pilipinas. Ang mga dalubhasang ito ay may mga aklat at mga publikasyon sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas, partikular sa pagtuturo ng Filipino. Gayunpaman, may mga iba pang mga may-akda at eksperto na nag-aambag din sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas.

Ayon kina Hidalgo (2022) at Bautista ( 2021 ) Sa paggawa ng mga sanayang aklat sa Filipino 3, ay mahalaga ang pagkakaroon ng mga sumusunod na katangian:

1. Kadalubhasaan sa pagtuturo - May karanasan at kaalaman sa pagtuturo ng mga bata.
2. Kakayahang maglikha ng mga materyales - May kakayahang maglikha ng mga materyales na angkop sa mga layunin ng pagtuturo.

Ayon kay Krippendorff (2020) Isang kilalang dalubhasa sa content analysis, na nag-develop ng mga metodo at teknik para sa pagsusuri ng mga teksto at mga datos. Ang mga dalubhasa sa content analysis ay mahalaga sa pag-unawa ng mga kompleks na isyu at sa pagbuo ng mga teorya at konklusyon sa iba't ibang larangan ng pananaliksik.

Pagsusuri ng Datos

Nakapaloob ang bahaging ito ang resulta ng pakikipanayam at mga nakalap na impormasyon ay sinuri ng mga mananaliksik at inilahad ang kinalabasan at pagsusuri ng mga datos.

Ang instrumenting ginagamit sa pananaliksik na ito ay ang katanungan. Ito ay nagsisilbing gabay upang sa gayon ay maitala ng maayos ang mga angkop na mga mahahalagang datos o ideya na kinakailangan ng mananaliksik. Nakatulong ang katanungan na mapadali at maunawaan agad ng imoporamante kung ano ang tinutukoy ng mananaliksik.

Matapos ang pakikipanayam sa napiling impormante ay gumagawa ng isang sanayang aklat sa Filipino 3 ang mananaliksik para sa mga mag-aaral na masanay ng husto sa pagbasa. Katumbas ng ito ay gumawa din ng lesson plan para sa mga guro sa kanilang pang-araw-araw na diskasyon.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng sistematikong paglalahad, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa pananaliksik hinggil sa mga alamat ng sampung barangay sa bayan ng Placer, Surigao del Norte. Ang mga datos ay inilahad ayon sa layunin ng pag-aaral, gamit ang mga talahanayan na nagpapakita ng uri, pagpapahalagang kultural, simbolismo, at temang taglay ng bawat alamat.

Talahanayan 2. Uri ng Alamat

| Pamagat ng Kuwento | Uri ng Alamat | Paliwanag |
|---|---|---|
| Alamat ng Amoslog | Etiolohikal | Ipinaliwanag kung paano nabuo ang pangalan na "Amoslog" mula sa mga salitang amo (unggoy), lug (lugaw), at mos (ginamos). |
| Alamat ng Bad-as | Etiolohikal | Ipinangalan ang lugar mula sa mag-asawang Badong at Asyang. |
| Alamat ng Boyongan | DI-Etiolohikal | Ang pangalan ay galing sa “kahibuyungan” (pagtataka) dahil sa mahiwagang pangyayari. |
| Alamat ng Bugas-bugas | Etiolohikal | Pinagmulan ng pangalan mula sa salitang “bugas” na nakuha sa interaksyon ng mga Mamanwa at dayuhan. |
| Alamat ng Mabini | Etiolohikal | Ang pangalan ay kinuha mula sa katalinuhan at kabutihan ng batang may kapansanan, na iniugnay kay Apolinario Mabini. |
| Alamat ng Macalaya | Di-Etiolohikal | Ang salitang “makalaay” ibig sabihin ay tamad. Nagkakagulo ang mga tao dahil sa katamaran kaya nagalit ang Diwata, hinati ang isang nayon sa tatlong bulubundukin. |
| Alamat ng Brgy. Magupange | Di-Etiolohikal | Galing ang salitang “Pange” ay isang mahiwagang kahoy na nagbibigay ng pag-asa. |
| Alamat ng Pananay-an | Etiolohikal | Galing sa salitang “panay-an” (kalawang/natay-an) na nakita sa lumang kayamanan. |
| Alamat ng Panhutungan | Etiolohikal | Pangalan ay mula sa salitang “panuhot,” na bisaya ng kabag o malamig na hangin. |
| Alamat ng Tagbongabong | Etiolohikal | Pangalan na nagmula sa “tagpo” at “bongabong” — kaugnay sa palitan ng produkto. |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

Sa kabuuang sampung alamat, pito ang natukoy bilang etiolohikal na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng lugar. Tatlo naman ang di-etiolohikal, na nakatuon sa mga kultural na karanasan at kababalaghan.

- Alamat ng Amoslog: Nagmula sa mga salitang amo (unggoy), lug (lugaw), at mos (ginamos).
- Alamat ng Bad-as: Hinango mula sa mag-asawang Badong at Asyang.
- Alamat ng Bugas-bugas: Batay sa salitang "bugas" mula sa interaksyon ng Mamanwa at dayuhan.
- Alamat ng Mabini: Iniuugnay sa katalinuhan ng batang may kapansanan, kahalintulad kay Apolinario Mabini.
- Alamat ng Pananay-an, Panhutungan, Tagbongabong: Lahat ay nagpapaliwanag ng lokal na pinagmulan ng pangalan.

Tatlong di-etiolohikal na alamat:

- Boyongan: Nakatuon sa misteryo ng mga Diwata.
- Macalaya: Pagtuturo ng aral mula sa katamaran.
- Magupange: Mahiwagang kahoy na simbolo ng pag-asa.

Talahanayan 3. Pagpapahalagang Kultural

| Pangalan ng Pook | Pamagat ng Alamat | PILING PAHAYAG | BALYUS | PALIWANAG |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Amoslog | Ang Alamat ng Amoslog | *"Mahal na mahal nila ang bawat isa kahit mahirap ang buhay."* | Pagmamahal sa pamilya at pagtitiis sa kabila ng kahirapan. | Ipinapakita rito na para sa mga mamamayan ng Placer, mahalaga ang pamilya at pagkakaisa, kahit sa gitna ng kakulangan o kahirapan. Isang napakahalagang pagpapahalagang Pilipino, lalo na sa mga |
| Brgy. Bad-as | Alamat ng Bad-as | *"Sila yung mag-asawang ubod ng bait at nagmamahalan kahit saan magpunta ay kasa-kasama silang dalawa. Walang iwanan kahit anumang mangyari."* | Kabaitan, katapatan sa asawa, at pagtulong sa kapwa. | Ang mga mamamayan ng Placer, batay sa alamat, ay mapagmalasakit, tapat sa kanilang mga mahal sa buhay, at hindi nag-aatubiling tumulong sa nangangailangan, kahit pa ito ay isang dayuhan. Ipinapakita rin ang pagpapahalaga sa kabutihang loob bilang pundasyon ng dangal at pagkilala. |
| Brgy. Boyongan | Alamat ng Boyongan | *"Napag-isip ang mga tao na ito ay mga Diwata na magmukhang tao katulad ng normal na tao."* | Paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita o hindi maipaliwanag. | Pinapakita rito ang pagpapahalaga ng komunidad sa hiwaga at kababalaghan bilang bahagi ng kanilang paniniwala. Ang mga mamamayan ng Placer ay may mataas na respeto at pag-iingat sa mga di-nakikitang nilalang, na sumasalamin sa malalim na ugnayan nila sa kalikasan at paniniwalang espiritwal. |
| Brgy. Mabini | Alamat ng Mabini | *"Mayroong anak na matalino at mabait. Subalit ito ay may kapansanan, hindi ito makakalakad ng tuwid."* | Pagpapahalaga sa talino, kabutihan, pamilya, at dignidad ng may kapansanan. | Tampok sa kuwentong ito ang pagpapahalaga sa katalinuhan at kabutihang-loob kahit may pisikal na limitasyon. Ipinapakita rin ang malalim na paggalang sa mga magulang bilang pinagmumulan ng |


DOI: 10.48175/IJARSCT-28407

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | talino at lakas, na siyang nagpapakita ng pamilyang sentro ng kultural na halaga sa Placer. |
| Brgy. Macalaya | Alamat ng Macalaya | *"Gusto ko malaya kayong makapag-isip at makagawa ng desisyon ayon sa iyong kagustuhan para sa ikakabuti ng nayon."* | Pagkakaisa, kalayaan sa pag-iisip, at paghahanap ng kabutihang panlahat. | Ang Alamat ng Macalaya ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kalayaan ng isipan at sama-samang pagdedesisyon para sa ikabubuti ng komunidad. Binibigyang-diin din nito ang kahalagahan ng pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba, na isang mahalagang pagpapahalaga sa mga pamayanan sa Placer. |
| Brgy. Magupange | Alamt ng Magupange | *Kung sinuman ang makakain sa malaking punong iyon ay may pag-asa at hindi magugutom. Ang punong ito ay makakatulong sa inyong lahat, "sabi ng matandang lalaki.* | Pagpapakita ng pagmamahal at malasakit sa mga tao. | Ipinapakita dito ang pagmamahal sa kapwa. Ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa ay isang pagmamalaskit na hindi kayang |
| Brgy. Pananay-an | Alamat ng Pananay-an | *"Nagbigay siya ng babala sa kanyang mga anak... tungkol sa panganib ng mga masasamang tao."* | Pagmamahal sa pamilya, pag-iingat sa pamana, at pagbibigay-babala laban sa panganib. | Ipinapakita rito ang pagpapahalaga sa proteksyon ng pamilya at pagpapasa ng kaalaman mula sa nakatatanda sa susunod na henerasyon. Nagpapakita rin ito ng pagkakaisa ng pamilya sa harap ng panganib, isang halagang pinanghahawakan sa mga pamayanang Pilipino tulad ng sa Placer. |
| Brgy. Panhutungan | Alamat ng Panhutungan | *"Ang hangin ay maganda din sa ating katawan makakalanghap ng preskong hangin."* | Pagpapahalaga sa kalikasan, pagiging matatag sa hamon ng kapaligiran, at kakayahang magpaliwanag gamit ang karunungang-bayan. | Makikita ang pagpapahalaga sa kalikasan bilang may positibong layunin sa buhay ng tao. Sa halip na takasan ang hamon ng kalikasan, natututo ang mga tao na bigyang-kahulugan ito sa pamamagitan ng wika, karanasan, at lokal na kaalaman. |
| Brgy. Tagbongabong | Alamat ng Tagbongabong | *"Masisipag at hindi istrikto ang mga tao. Sila ay namumuhay ng simple."* | *Kasipagan, kababaang-loob, at bayanihan sa pamamagitan ng* | Ipinapakita ang kasipagan at pagiging mapagpakumbaba ng mga mamamayan ng Tagbongabong. Ang kanilang sistemang palitan ay |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *"Mang Ibong, palit po tayo ng okra ng isda ninyo..."* | *palitan o barter.* | batay sa pagtutulungan, na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kolektibong kabuhayan at pakikipagkapwa. |

Batay sa mga piling pahayag, nailahad ang iba't ibang kultural na pagpapahalagang isinasabuhay ng mga taga-Placer:
• Amoslog - pagmamahal sa pamilya at pagtitiis sa kahirapan.
• Bad-as - kabutihang-loob at malasakit sa kapwa.
• Boyongan - respeto sa di-nakikitang nilalang.
• Bugas-bugas - kasipagan at pagiging masinop.
• Mabini - karunungan, kabutihan, at dignidad ng may kapansanan.
• Macalaya - kalayaan sa pagpapasya, pagkakaisa, at pagtutulungan.
• Magupange - pagmamalasakit sa kapwa at pagtutulungan.
• Pananay-an - pagbibigay-babala, pag-iingat, at pagpapasa ng aral.
• Panhutungan - koneksyon sa kalikasan at karunungang-bayan.
• Tagbongabong - bayanihan at sistemang palitan.

Talahanayan 4. Pagpapahalagang Kultural (detalyado)

| PANGALAN NG POOK | PAMAGAT NG ALAMAT | PILING PAHAYAG | PAGPAPAHALAGANG KULTURAL | PALIWANAG |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Amoslog | Ang Alamat ng Amoslog | *"Mahal na mahal nila ang bawat isa kahit mahirap ang buhay."* | Pagtutulungan at Pagtatangi sa Pamilya | Sa kulturang lokal ng Placer, ang pamilya ay sentro ng buhay, at ang pagmamahalan ay higit sa materyal na yaman. Kahit simple lang ang buhay, nananatili ang pagkakabuklod ng pamilya. |
| | | *"Ang lug at mos ay galing sa salitang lugaw at ginamos. At sinabayan ng salitang amo… kasama din ang salitang loog… Dito nabuo ang salitang Amoslog..."* | Pagtatala ng Wika bilang Bahagi ng Kultura | Ipinapakita ng kuwentong ito ang pagpreserba sa wikang lokal at pagbibigay-kahulugan sa pinagmulan ng pangalan ng lugar, na isang anyo ng oral tradition na mahalaga sa bayan ng Placer. |
| Brgy. Bad-as | Alamat ng Bad-as | *"Agad nilang tinutulungan ang dayuhan. 'Huwag nyo bugbugin ang dayuhang ito, dahil mabait na tao ito,' sabi ng mag-asawa."* | Pagpapahalaga sa Kabaitan at Pagtulong sa Kapwa | Makikita dito ang malasakit, pakikipagkapwa-tao, at paggalang sa dignidad ng iba, na bahagi ng paniniwala ng komunidad sa pagiging marespeto at matulungin, lalo na sa mga dayo o bisita. |
| | | *"Sila yung mag-asawang ubod ng bait at nagmamahalan kahit saan magpunta ay kasa-kasama silang dalawa. Walang iwanan kahit anumang mangyari."* | Katapatan at Matibay na Ugnayan ng Mag-asawa | Nagpapakita ito ng katapatan sa relasyon, pagkakaisa sa pamilya, at pagbibigay-halaga sa pagmamahalan bilang pundasyon ng pamumuhay sa mga pamayanan ng Placer. |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *"At nang namatay ang mag-asawa ay pinangalanan ang nayon ng BAD-AS galing sa pangalan ng mag-asawang Badong at Asyang."* | Pagkilala at Pagpapapparangal sa Kabutihan ng Tao | Sa kulturang Placer, ang pagpapaparangal sa kabutihan ay isinusukli sa pamamagitan ng alaala, gaya ng pagbibigay ng pangalan sa lugar. Isa itong paraan ng pagpreserba ng mabuting halimbawa at pagpapaalala sa susunod na henerasyon. |
| Brgy. Boyongan | | *"Napag-isip ang mga tao na ito ay mga Diwata na magmukhang tao katulad ng normal na tao."* | Paniniwala sa mga Diwata at Mahiwagang Nilalang | Ipinapakita rito ang paggalang sa mga nilalang na hindi nakikita ngunit pinaniniwalaang tagapangalaga ng kalikasan, tulad ng diwata. Isa itong anyo ng folk spirituality na buhay sa kulturang Surigaonon. |
| | | *"Isang gabi, ipinagdiriwang ang kapistahan sa nayon na may malaking sayawan."* | Pagpapahalaga sa Tradisyonal na Pista at Pagtitipon | Ang pista at sayawan ay nagpapakita ng pagkakabuklod ng komunidad at ang kahalagahan ng kasayahan bilang parte ng kanilang kultura. Isa itong ritwal ng paggunita at pagbubuklod. |
| Brgy. Bugas-bugas | Alamat ng Bugas-bugas | *"Magsasaka ang kanilang panghanap-buhay. Mahilig magtanim ng mga gulay at prutas. Isa ang kanilang nahiligang itanim ay ang palay."* | Pagpapahalaga sa Agrikultura bilang Kabuhayan | Ipinapakita nito ang kahalagahan ng agrikultura sa pamumuhay at pagkakakilanlan ng komunidad. Ang pagsasaka ay hindi lamang trabaho kundi isang paraan ng pamumuhay at pagkakaisa. |
| | | *"Nalaglag ang mga bigas (bugas) sa lupa... Tinanong sila ng mga dayuhan... 'Bigas (Bugas),' sagot ng mamanwa... Dito nagsimula ang salitang 'Ah bugas' ay nagiging Bugas-bugas."* | Pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Wika at Karanasan | Pinahahalagahan ng kuwento ang salitang lokal bilang bahagi ng kasaysayan. Ang pag-uusap ng katutubo at dayuhan ay nagresulta sa pagbibigay-pangalan, na nagpapakita ng interaksyon ng kultura at wika. |
| Brgy. Mabini | Alamat ng Mabini | *"Sa aking mga magulang po, sila yung aking kayaman na hinding-hindi ko maibibigay sa iba."* | Pagpapahalaga sa Pamilya at Magulang bilang Yaman ng Anak | Isinasaad dito ang malalim na pagpapahalaga ng mga mamamayan ng Placer sa papel ng magulang sa paghubog ng mabuting anak. Tinuturing na yaman ang pamilya, higit pa sa materyal na bagay. |
| | | *"Mayroong anak na matalino at mabait. Subalit ito ay may kapansanan, hindi ito makakalakad ng tuwid."* | Pagkilala at Pagtanggap sa mga May Kapansanan | Ito ay isang anyo ng inklusibong pananaw kung saan ang talino, kabaitan, at galing ng isang tao ay hindi nasusukat sa pisikal na kakayahan, kundi sa kanyang pagkatao. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *"Napag-isipan ng mga tao na bigyan ng pangalan ang kanilang nayon na Mabini... tulad sa ating bayani na si Apolinario Mabini ito din ay may kapansanan."* | Pagkilala sa Kabayanihan at Pambansang Inspirasyon | Ipinapakita nito ang pagkilala sa kasaysayan at pagbibigay halaga sa mga taong may integridad, talino, at kontribusyon sa bayan, kahit sila ay may pisikal na limitasyon. |
| Alamat ng Macalaya | Alamat ng Macalaya | *"Gusto ko malaya kayong makapag-isip at makagawa ng disisyon ayon sa iyong kagustuhan para sa ikakabuti ng nayon."* | Pagpapahalaga sa Kalayaan ng Pag-iisip at Desisyon | Ipinapakita nito na ang mga taga-Placer ay nagpapahalaga sa malayang pagpapasya at kaisipan, lalo na kung ito ay magdudulot ng kapayapaan at kaayusan sa pamayanan. |
| | | *"Bakit ba ay hindi kayo magkakaisa? Hahahatiin ko sa tatlong nayon upang kayo'y makapag-isip ng tama."* | Pagpapahalaga sa Pagkakaisa Bilang Lakas ng Komunidad | Ang mensahe ng diwata ay paalala na ang pagkakaisa ay pundasyon ng katahimikan at kaunlaran, isang mahalagang pananaw ng mamamayan ng Placer. |
| | | *"Noong unang panahon ang mga tao sa nayon ng Placer ay hindi natuto ng maghintay kung anong mayroon sa kanila. Laging nasa isip ang kapaguran (makalaay) sa paghahanap-buhay."* | Pagkilala sa Kahalagahan ng Pagtitiis at Pagsisikap sa Buhay. | Ipinapahiwatig nito na ang pag-unawa sa kahalagahan ng tiyaga at hindi pagreklamo ay bahagi ng |
| Brgy. Magupange | Alamat ng Magupange | *Kung sinuman ang makakain sa malaking punong iyon ay may pag-asa at hindi magugutom. Ang malaking punong ito ay makakatulong sa inyong lahat, "sabi ng matandang lalaki.* | Pagpapakita ng pagmalasakit sa kapwa at pagbibigay ng galang sa tao. | lumalalim na kamalayang kultural, lalo na sa kontekstong rural at agrikultural. |
| | | *Pange ito ay isang uri ng malaking puno. Ang gung anito ay makakain.* | Pagbabahagi ng tulong sa kapwa. | Ipinapakita ng magandang loob sa kapwa o sa ibang tao at pagpapakita ng magandang loob. |
| Brgy. Pananay-an | Alamat ng Pananay-an | *"Nagbigay siya ng babala sa kanyang mga anak na lalaki, sina Pedro at Juanito, tungkol sa panganib ng mga masasamang tao."* | Paggalang sa Magulang at Pagtanggap ng Responsibilidad ng Anak | Ipinapakita ang malalim na pagpapahalaga sa utos at babala ng magulang, isang mahalagang katangian sa kulturang Pilipino na laganap din sa mga mamamayan ng Placer. |

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *"Magtago tayo Pedro baka hulihin tayo," sabi ni Juanito.*<br>*"Huwag po maawa po kayo sa amin," pagmamakaawa ni Juanito.* | Pagtutulungan at Pagkakapatiran sa Gitna ng Panganib | Sumasalamin ito sa pagtutulungan ng magkakapatid at pagkakaroon ng lakas ng loob sa harap ng panganib—mga halagang pinanghahawakan ng mga pamilyang Surigaonon. |
| Brgy. Panhutungan | Alamat ng Panhutungan | *"Parang may isang diwatang nagmamay-ari ng hangin."* | Pagpapahalaga sa Kalikasan bilang Bahagi ng Buhay at Paniniwala | Nagpapakita ito ng pananampalataya sa kapangyarihan ng kalikasan at sa posibilidad na ito ay ginagalawan ng mga diwata o espiritu. Isa itong anyo ng folk belief o katutubong paniniwala na bahagi ng kulturang Placeranon. |
| Brgy. Tagbongabong | Alamat ng Tagbongabong | *"Mang Ibong, palit po tayo ng okra ng isda ninyo," sabi ng babae.*<br>*"Ako din po maawa kayo sa akin, palit po tayo ng kamoting-kahoy ng isda ninyong dala," pagmakaawa ng batang babae.* | Bayanihan at Sistemang Palitan (Barter) | Ito ay nagpapahiwatig ng panlipunang ugnayan batay sa tiwala, pakikipagkapwa, at pag-unawa sa pangangailangan ng iba, kahit walang salapi. Isa itong pamana ng katutubong ekonomiya sa mga rural na lugar. |
| | | *"Masisipag at hindi istrikto ang mga tao. Sila ay namumuhay ng simple. Tanging magsasaka lamang ang kanilang ibinubuhay sa pamilya."* | Pagsusumikap at Simpleng Pamumuhay | Ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa kababaang-loob, kasipagan, at pagiging kontento sa simpleng pamumuhay—isang pangunahing katangian ng mga komunidad sa Placer na nakasandig sa agrikultura. |

Sa ikatlong talahanayan, inilahad ang interpretasyon sa bawat pahayag ng alamat upang mailarawan ang kultural na halaga nito. Halimbawa:

- Ang "Mahal na mahal nila ang bawat isa kahit mahirap ang buhay" sa Amoslog ay tumutukoy sa pamilyang may matibay na ugnayan sa kabila ng kahirapan.
- Ang kabaitan ng mag-asawa sa Bad-as ay dahilan ng pagpapangalan sa lugar.
- Ang paniniwala sa Diwata sa Boyongan ay nagpapakita ng malalim na espiritwalidad.

Talahanayan 5. Simbolismo

| PANGALAN NG POOK | PAMAGAT NG ALAMAT | PILING PAHAYAG | SIMBOLO | PALIWANAG |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Amoslog | Ang Alamat ng Amoslog | *"Ang mga Unggoy (amo) ay matatakaw kumain (loog)."* | · Unggoy (Amo): Simbolo ng ng nagpapakita ng ating mga ugali at kahinaan. | Ang unggoy ay maaaring tingnan bilang metapora sa kaguluhan sa labas ng tahanan, habang ang pagkain ay sumasagisag sa pananatiling buo ng pamilya sa kabila ng kahirapan. Samantala, ang "Amoslog" ay literal na bunga ng wika at karanasang magkakaugnay, na siya namang |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | nagbibigay ng pagkakakilanlan sa lugar. |
| | | *"Lugaw at ginamos ang kanilang pagkain sa pang-araw-araw."* | · Lugaw at Ginamos: Simbolo ng simpleng pamumuhay, kakulangan sa materyal na yaman ngunit may pagmamahalan. | |
| | | | · Salitang "Amoslog": Simbolo ng pinag-isang wika, karanasan, at kultura ng mamamayan. | |
| | | | | |
| Brgy. Bad-as | Alamat ng Bad-as | *"At nang namatay ang mag-asawa ay pinangalanan ang nayon ng BAD-AS galing sa pangalan ng mag-asawang Badong at Asyang."* | · Salitang "dayuhan": simbolo ng pagkakaroon ng iba't ibang kultura at tradisyon na nagdaragdag sa kayamanan ng lipunan.<br>· Pangalan ng lugar ("Bad-as"): Simbolo ng pagkilala sa kabutihan bilang pundasyon ng alaala at pagkakakilanlan. | Ang pagpapangalan ng lugar batay sa mabubuting tao ay sumasagisag sa pagpapahalaga ng pamayanan sa kabutihan bilang pamana. Ang Bad-as ay simbolo ng alaala ng kagandahang-asal. |
| Brgy. Boyongan | Alamat ng Boyongan | *"Ako ay nakatira sa malaking puno doon sa likod ng bahay na iyan."* | · Ang magandang babae / diwata: Simbolo ng misteryo, kalikasan, at hiwagang hindi agad nalulutas.<br>Sayawan sa pista: Simbolo ng pamayanang nagkakaisa sa tradisyon at selebrasyon.<br>Malaking puno: Simbolo ng tirahan ng di-karaniwang nilalang at sagradong espasyo sa paniniwala ng tao. | Ipinapakita rito na ang kalikasan ay ginagalang at kinikilalang tahanan ng mahiwaga, at ang mga karaniwang bahagi ng kapaligiran (tulad ng puno) ay may malalim na kahulugan para sa mga taga-Placer. |
| Brgy. Bugas-bugas | Alamat ng Bugas-bugas | *"Nalaglag ang mga bigas (bugas)* | · Bugas (Bigas): Simbolo ng kabuhayan, | Ang simpleng aksidenteng pagbagsak ng bigas ay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *sa lupa."* | kasaganahan, at kultura ng pagtatanim. | sumisimbolo sa pagbubukas ng isang bagong kwento ng pinagmulan. Ang bugas ay hindi lamang pagkain kundi ugat ng kultura ng mga taong masipag |
| | | | · Pagkakatapon ng bigas: Simbolo ng di-inaasahang kaganapan na humantong sa bagong pag-unlad o kasaysayan. | |
| Brgy. Mabini | Alamat ng Mabini | *"Ito ay basi sa batang matalino at may kapansanan tulad sa ating bayani na si Apolinario Mabini…"* | · Bata: Simbolo ng katalinuhan, kabutihan, at inspirasyon sa kabila ng kapansanan. | sa lupa. |
| | | | · Pangalan na "Mabini": Simbolo ng pagpaparangal sa kagalingan, kabayanihan, at pagmamalasakit, gaya ng ating bayani na si Apolinario Mabini. | |
| | | | · Magulang: Simbolo ng pinanggagalingan ng lakas at kagandahang-loob. | |
| Brgy. Macalaya | Alamat ng Macalaya | *"Mula noon ang nayon ay pinangalanang Macalaya sa salitang malaya at makalaay."* | · Diwata: Simbolo ng karunungan at katarungan, kumakatawan sa puwersa ng kalikasan o espiritu na naghahangad ng kaayusan. | Ang pangalan ng nayon ay sumasagisag sa layunin ng alamat: na matuto ang mga tao sa kanilang kahinaan at gamitin ito upang maging mas malaya, mas matalino, at mas nagkakaisa. |
| | | | · Pagkakahati sa tatlong nayon: Simbolo ng pagtuturo ng leksiyon—na sa kalayaan, natututo ang tao na magkaisa at magdesisyon para sa kabutihan. | |
| | | | · Salitang "Macalaya": Kombinasyon ng "malaya" at "makalaay" (pagod), simbolo ng | |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pagsusumikap sa kabila ng pagod upang magkaroon ng malayang pa | |
| Brgy. Pananay-an | Alamat ng Pananay-an | *"...may nakita silang mga bagay na nakalawang na ibig sabihin sa kanilang salita (panay-an o natay-an na)."* | g-iisip at direksyon. | Ang kalawang ay hindi lang dumi—ito ay metapora ng paglipas ng panahon at pagkalimot. Ginamit ito upang bigyang-kahulugan ang pangalan ng lugar, na nagmula sa isang aral sa buhay. |
| | | | · Kalawang (panay-an): Simbolo ng pagkabulok ng isang bagay na hindi napangalagaan—at paalala sa kahalagahan ng panahon at preserbasyon. | |
| | | | · Pangalan ng lugar: Simbolo ng pagkilala sa karanasang may aral sa kasaysayan at kabiguan. | |
| Brgy. Panhutungan | Alamat ng Panhutungan | *"Dito kinukuha ng mga tao ang pangalan ng kanilang lugar sa salitang panuhot ay Panhutungan."* | · Hangin / Panuhot: Simbolo ng kalikasan bilang may kapangyarihan—na maaaring maging hadlang o kaginhawaan. | Ang salitang "Panhutungan" ay sumasalamin sa kakayahan ng mga mamamayan na gawing bahagi ng kanilang pagkakakilanlan ang mga likas na kondisyon ng kanilang kapaligiran. Ipinapahiwatig din nito ang resiliency o kakayahang umangkop. |
| | | | · Takot sa dagat at hangin: Simbolo ng kawalang-katiyakan at pangamba sa mga puwersang hindi ganap na nauunawaan. | |
| | | | · Pagpapangalan ng lugar: Simbolo ng pagtanggap at pagkilala sa epekto ng kalikasan bilang bahagi ng pagkatao ng komunidad. | |
| Brgy. Tagbongabong | Alamat ng Tagbongabong | *"Dito ang mga tao nagtagpo upang palitan ang kanilang dalang produkto. Sa salitang tagpo... nakukuha ang salitang tagbongabong..."* | · Tagpo o pagtitipon: Simbolo ng komunidad, pagkakaisa, at lokal na ekonomiya. | Ang pangalan ng lugar ay bunga ng dinamiko at buhay na interaksyon ng komunidad, na sumasalamin sa kanilang pagkakakilanlan bilang mapag-ugnay, masigla, at makabayaning pamayanan. |
| | | | · Palitan ng pananim: Simbolo ng kahusayan sa agrikultura at ang kahalagahan ng likas na | |


DOI: 10.48175/IJARSCT-28407

IJARSCT

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

ISSN: 2581-9429

Volume 5, Issue 1, July 2025

Impact Factor: 7.67

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | yaman. | |
| | | | ·Pangalan na "Tagbongabong": Simbolo ng pinagsamang salitang "tagpo" at "bongabong" (tunog ng masiglang palitan)—isang alaala ng pinagmulan ng nayon. | |

Ang mga simbolo ay ginamit upang higit pang maipaliwanag ang kahulugan ng mga elemento sa alamat:
- Unggoy sa Amoslog bilang simbolo ng likas na ugali.
- Lugaw at ginamos bilang simbolo ng simpleng buhay.
- Punong kahoy sa Magupange bilang simbolo ng pag-asa.
- Panuhot sa Panhutungan bilang simbolo ng likas na kalagayan.

Talahanayan 6. Tema ng Alamat

| PANGALAN NG POOK | PAMAGAT NG ALAMAT | PILING PAHAYAG | TEMA | PALIWANAG |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Amoslog | Ang Alamat ng Amoslog | *"Ang lug at mos ay galing sa salitang lugaw at ginamos... at sinabayan ng salitang amo… dito nabuo ang salitang Amoslog."* | Pag-uugat ng pangalan ng lugar sa karanasan at wika ng mamamayan. | Ang pinagmulan ng pangalan ay batay sa buhay at wika ng mga tao, na nagpapakita ng temang koneksyon ng kasaysayan, kultura, at identidad ng mamamayan sa kanilang kapaligiran. |
| Brgy. Bad-as | Alamat ng Bad-as | *"Dahil sa kabaitan na ipinakita ng mag-asawang Badong at Asyang ay ginagantimpalahan sila..."* | Pagkakaisa sa pamilya at ang kabutihan sa kapwa bilang inspirasyon ng komunidad. | Ito ay nagpapakita ng temang ang mabuting gawa ay laging may gantimpala at na ang mga pinagmulan ng lugar ay nakaugat sa mga aral ng kabutihan at pagkakaisa, na siyang humuhubog sa kultural na kamalayan ng mga mamamayan ng Placer. |
| Brgy. Boyongan | Alamat ng Boyongan | *"Dito nagsimula ang pangalan ng kanilang nayon ay Boyongan, galing sa salitang kahibuyungan sa tagalog ay pagtataka."* | Ang di-maipaliwanag ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay. | Ang tema ng pagkagulat, hiwaga, at kababalaghan ay lumilikha ng matibay na batayan sa kultural na pagbuo ng pagkakakilanlan. Ipinapakita rito na ang karanasan ng pamayanan sa misteryo ay naging inspirasyon sa pagbibigay ng pangalan sa kanilang lugar. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Brgy. Bugas-bugas | | *"Dito nagsimula ang salitang 'Ah, bugas' ay naging Bugas-bugas."* | Pinagmulan ng pangalan ng lugar mula sa kultural na karanasan. | Ipinapakita nito na ang mga pang-araw-araw na karanasan, kahit gaano kaliit, ay may kapangyarihang lumikha ng kultural na alaala at pagkakakilanlan. Ang tema ay nakasentro sa pagkakatagpo ng wika, kultura, at kasaysayan. |
| Brgy. Mabini | Alamat ng Mabini | "Napag-isipan ng mga tao na bigyan ng pangalan ang kanilang nayon na Mabini…" | Ang katalinuhan at kabutihan ay hindi hadlang sa pisikal na limitasyon. | Ang tema ay umiikot sa pagkilala sa tunay na kahulugan ng kagalingan—ang mabuting puso at karunungan sa kabila ng kapansanan. Isa rin itong parangal sa kabayanihang moral, hindi lang sa kasaysayan kundi sa pamayanang lokal. |
| Brgy. Macalaya | Alamat ng Macalaya | *"Hahahatiin ko sa tatlong nayon upang kayo'y makapag-isip ng tama."* | Pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba. | Ang pangunahing tema ay transformasyon ng komunidad mula sa kaguluhan patungo sa kalayaan at kolektibong pag-unlad, na siyang nagtataglay ng malalim na kultural na aral para sa mga mamamayan ng Placer. |
| Brgy. Pananay-an | Alamat ng Pananay-an | *"Napag-isipan nila na ang pook ay bigyan ng pangalan na Pananay-an galing sa salitang panay-an o natay-an na mga nakatagong kayamanan."* | Ang kasaysayan at aral mula sa nakaraan ay humuhubog sa kasalukuyan. | Itinatampok dito ang temang "kung hindi mo iingatan ang pamana, ito'y mawawala o masisira." Isa rin itong paalala sa halaga ng pagkilos sa tamang panahon upang hindi masayang ang mga yaman ng nakaraan—espiritwal man o materyal. |
| Brgy. Panhutungan | Alamat ng Panhutungan | *"Iba't ibang opinyon na ang nilalabas ng kanilang labi."* *"Ang hangin ay maganda din sa ating katawan..."* | Ang kalikasan ay bahagi ng pang-araw-araw na buhay at dapat pag-aralan, hindi katakutan. | Ang tema ng kwento ay pagkakaroon ng takot sa simula, ngunit natutunang yakapin at unawain ang kalikasan gamit ang wika at karunungang-bayan. Isa itong pagkakakilanlan ng mga mamamayan ng Placer bilang mapagmasid, mapagtanong, at handang umangkop sa kapaligiran. |
| Brgy. Tagbongabong | | *"Maingay ang lugar dahil sa mga taong nagpapalitan ng mga produkto."* | Ang produktibong ugnayan ng mamamayan ay pundasyon ng isang masayang komunidad. | Ang kasiglahan ng palitan ay hindi lang transaksyon kundi isang selebrasyon ng buhay at kabuhayan. Ipinapakita nito na ang lakas ng komunidad ay nasa ugnayan at bukas na pakikitungo ng bawat isa sa kanilang kapwa. |

Pinaksa ng bawat alamat ang mga temang nagpapakilala sa karakter ng komunidad:
• Pagmamahal sa pamilya (Amoslog)
• Kabayanihan kahit may kapansanan (Mabini)
• Pagkakaisa at kabutihang panlahat (Macalaya)
• Paniniwala sa mahika at espiritwalidad (Boyongan)
• Kalikasan bilang bahagi ng pamumuhay (Panhutungan)

Pagsasama ng mga Resulta sa Kurikulum ng Filipino 3
Bilang bahagi ng aplikasyon ng pag-aaral, isinama ang mga alamat sa paggawa ng Sanayang Aklat at Banghay-Aralin sa Filipino 3. Sa Talahanayan 06, inilahad ang mga sub-domeyn at kasanayang pampagkatuto mula sa Quarter 1, Week 1-10 ng Filipino 3 curriculum. Kabilang dito ang:
• Pagkilala sa mga salitang madalas gamitin.
• Pag-unawa sa konteksto ng salita.
• Gramatika: Simuno at Panaguri.

Talahanayan 7. Kompetensi ng Banghay-Aralin sa Filipino 3 (Quarter 1 - Week 1 to 10)

| SUB-DOMEYN | KASANAYANG PAMPAGKATUTO |
|---|---|
| Palabigkasan at Pag- aaral ng Salita (tunogsalita) | Natutukoy ang sight words na kabilang sa Filipino |
| Paglinang ng Talasalitaan | Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words |
| (salita) | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa: |
| | a. sarili at bansa |
| | b. tiyak na paksang may tuon sa nilalaman (hal. sitwasyong pambansa) |
| | Nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) |
| | Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto |
| | a. salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari |
| | ● salitang dinaglat |
| | b. salitang pamalit sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari |
| | ● pamatlig |
| | c. salitang naglalarawan |
| | ● ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari |
| | d. salitang kilos |
| | e. salitang pangkayarian |
| | ●pangatnig |
| | ●pang-angkop |
| | Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita |
| | Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita |
| | Natutukoy ang salitang-ugat ng mga natutuhang salita na high frequency o madalas gamitin |

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

| | |
|---|---|
| | Nakikilala ang kahulugan ng mga salita |
| | a. magkasingkahulugan |
| | b. magkasalungat |
| Gramatika<br>(pangungusap) | Natutukoy ang mga bahagi ng payak na pangungusap |
| | a. simuno |
| | b. panaguri |

Sub-domeyn
• Palabigkasan at Pag-aaral ng Salita
• Paglinang ng Talasalitaan
• Gramatika
• Pag-unawa at Pagsusuri ng Teksto
• Pagbuo ng Teksto
Kasanayang Pampagkatuto
• Natutukoy ang sight words sa Filipino
• Nagagamit ang mga salitang may kaugnayan sa sarili, bansa, at paksang makabansa
• Nakikilala ang kahulugan ng salita ayon sa konteksto (pamatlig, pangngalan, pang-uring naglalarawan, salitang kilos, pangatnig, pang-angkop)
• Nabibigkas at naisusulat nang wasto ang mga natutuhang salita
• Nakikilala ang magkasingkahulugan at magkasalungat na salita
• Natutukoy ang mga bahagi ng payak na pangungusap (simuno at panaguri)

**Kongklusyon**
Ang pag-aaral sa mga alamat ng Placer ay nagpapatunay sa yaman ng kulturang Pilipino, kung saan ang mga kwento ay hindi lamang simpleng libangan kundi tagapagdala ng kasaysayan, aral, at identidad. Ang bawat alamat ay tumutugon sa pangangailangang itanim at ipamana ang mga kultural na pagpapahalaga sa mga susunod na henerasyon. Sa pamamagitan ng sanayang aklat at lesson plan, higit na mapapalalim ang kamalayan ng kabataan sa kultura ng kanilang pinanggalingan.

**BUOD**
Ang layunin ng mananaliksik ay mailarawan at masuri ang mga tema, simbolo, balyus at pagpapahalagang kultural. Isa ang pinakamahalagang ginawang pagsusuri ay ang maipreserba ang mga alamat sa susunod na henerasyon. Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Kwalitatibong desinyo upang matukoy ang kinalabasan ng mga nakalap na datos mula sa mga piling impormante sa bayan ng Placer, Surigao del Norte.
Ang impormante ng pag-aaral na ito ay ang mga napiling tao na nasa edad 50 hanggang 75 na gulang. Ito ay mula sa Brgy. Amoslog, Brgy. Bad-as, Brgy. Bugas-bugas, Brgy. Mabini, Brgy. Macalaya, Bry. Magupange, Brgy. Pananay-an, Brgy. Panhutungan at Brgy. Tagbongabong. Ito ay makikita sa bayan ng Placer, Surigao del Norte. Ginagawa ang pananaliksik na ito para maisakatuparan ang hakbang na gagawin. Sa pamamagitan ng pagtanong-tanong sa mga taong bayan gumagamit ng inihandang katanungan ang mananaliksik sa pagkuha ng insaktong detalye. Ang instrumentong ginagamit sa pananaliksik na ito ay ang survey questionnaire o katanungan kung paano makakuha ng mga datos na gagamitin sa paggawa ng sanayang aklat sa Filipino 3. Ang nagawang sanayang aklat sa Filipino 3 ay ginagamit sa paggawa ng banghay aralin sa Filipino 3. Isa ito sa kagamitan sa paggawa ng isang Lesson Plan/Bangahay Aralin sa Filipino 3. Ang Lesson Plan ay karaniwang paraan ng pagtuturo ng mga guro upang matuto ang mga mag-aaral sa mga aralin.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

Natuklasan. Batay sa nakalap na mga datos, natuklasan sa nasabing pag-aaral ang mga sumusunod:

1. Karamihan sa mga alamat ng Placer ay etiolohikal sa kalikasan, na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng mga barangay sa pamamagitan ng mga lokal na karanasan, paniniwala, at wika. Ipinapakita sa mga datos na ang ganitong uri ng alamat ay ginagamit bilang paraan ng mga mamamayan upang mapanatili ang kanilang kasaysayan at pagkakakilanlan. Lumitaw din na ang mga alamat ay hindi lamang simpleng salaysay kundi nagsisilbing daluyan ng kultural na kaalaman at pagpapahalaga, lalo na sa pagkilala sa pinagmulan ng mga lugar. Bagamat may tatlong alamat na di-etiolohikal ( Boyongan, Macalaya at Magupange )ito pa rin ay may mahalagang kontribusyon sa pagpapalalim ng pag-unawa sa buhay at ugnayan ng komunidad.
2. Ang mga alamat ng Placer ay may apat na mahalagang katangian na nagpapatibay sa kanilang halaga bilang yaman ng kultura at kasaysayan. Una, sa aspetong Balyus, ang mga kuwento ay naging sisidlan ng mahahalagang aral sa buhay gaya ng kasipagan, kabutihang-loob, at kalayaan sa pagpapasya. Ikalawa, sa aspektong Pagpapahalagang Kultural, malinaw na naipapakita ang mga pundamental na halagang pinanghahawakan ng pamayanan tulad ng pagmamahal sa pamilya, pagkakaisa, at respeto sa kalikasan. Ikatlo, sa aspektong Simbolismo, ang mga kuwento ay sagana sa mga sagisag—mula sa pagkain at hayop hanggang sa mga likas na elemento—na nagsisilbing tulay sa pag-unawa sa kultura, paniniwala, at kabuhayan ng komunidad. At ikaapat, sa aspektong Tema, ang bawat alamat ay sumasalamin sa mahahalagang karanasan ng tao at ginagawang batayan ng kolektibong identidad ng mga mamamayan. Ang apat na katangiang ito ay nagpapakita na ang mga alamat ng Placer ay hindi lamang kuwento ng nakaraan, kundi patuloy na buhay na tagapagdala ng karunungan, aral, at pagkakakilanlan sa kasalukuyan at sa mga susunod pang henerasyon.
3. Ang Banghay-Aralin sa Filipino 3 ay magagamit sa mga guro para sa kanilang pagtuturo sa pang- araw-araw na talakayin. Ito ay gabay para mapabuti ang pagkakatuto ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang ng Mababang Paaralan ng Pananay-an.
4. Ang awtput sa pananaliksik na ito ay ang sanayang aklat sa Filipino 3 ito ay mahalagang kagamitan sa pagsasanay ng pagbasa ng mga mag-aaral.

**Konklusyon**

Mula sa mga datos at resultang nakalap ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang mga alamat ng Placer ay may mahalagang papel sa pagbubuo at pagpapanatili ng kultural na identidad ng mga mamamayan. Karamihan sa mga ito ay etiolohikal, na hindi lamang nagpapaliwanag sa pinagmulan ng pangalan ng kanilang mga barangay kundi naglalarawan din ng makasaysayan at makabuluhang ugnayan ng wika, karanasan, at paniniwala ng komunidad. Ang mga alamat ay nagsisilbing buhay na dokumento ng kasaysayan, na sa pamamagitan ng pasalitang tradisyon ay naipapasa mula henerasyon hanggang henerasyon. Kahit ang iisang di-etiolohikal na alamat ay may naiambag na pag-unawa sa dinamika ng pamumuhay at kaugalian ng mga tao. Sa kabuuan, ang mga kuwentong ito ay patunay ng mayamang kamalayan, pagpapahalaga, at paggalang ng mga Placeranon sa kanilang pinagmulan at pamana.
2. Ang mga alamat ng Placer ay may makapangyarihang papel sa paghubog at pagpapatibay ng kultural na kamalayan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng apat na natukoy na katangian—Balyus, Pagpapahalagang Kultural, Simbolismo, at Tema—naipapamalas ng mga alamat ang mayamang ugnayan ng karanasan, aral, at paniniwala ng isang pamayanan. Hindi lamang nito inihahayag ang pinagmulan ng mga pangalan ng lugar, kundi higit sa lahat, isinasalaysay din nito ang buhay at damdamin ng mga tao. Ang mga alamat ay nananatiling buhay na dokumento ng kasaysayan, na nagbibigay saysay sa nakaraan, gumagabay sa kasalukuyan, at nagsisilbing pamana para sa kinabukasan. Sa ganitong paraan, ang panitikan ng bayan ay hindi nawawala sa uso, bagkus ay patuloy na pinagyayaman at pinapahalagahan sa paglipas ng panahon.
3. Ang kalabasan ng awput ay mahalagang kagamitan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsasanay sa pagbasa. Sinasabing ang Sanayang Aklat sa Filipino ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kaalaaman ng mga mag-aaral at propesyunal na larangan. Ito din ay nagbibigay ng mas malawak na kaalaman ng pagpapahalaga sa sariling kultura at pagreserba ng mga kasaysayan sa napiling pook sa bayan ng Placer Surigao del Norte.

IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429 Volume 5, Issue 1, July 2025 Impact Factor: 7.67

**Rekomendasyon**

Batay sa mga naging konklusyon para sa pagsusuri na ito, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Para sa mga Mag-aaral. Hikayatin na pag-aralan at panatilihin ang mga alamat ng Placer bilang bahagi ng kanilang pagkatuto sa kultura at kasaysayan. Mahalaga ang pagsusuri sa mga etiolohikal at di-etiolohikal na alamat upang mas maunawaan ang kahalagahan ng wika, tradisyon, at paniniwala sa paghubog ng pagkakakilanlan ng kanilang pamayanan.
2. Para sa mga Guro. isama at pagtibayin ang paggamit ng mga lokal na alamat bilang bahagi ng kurikulum upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at kasaysayan.
3. Para sa mga Mamamayan ng Placer. Patuloy na panatilihin at ipasa ang mga alamat bilang bahagi ng oral tradition upang mapanatili ang pagkakakilanlan at pagkakaisa ng komunidad.
4. Para sa mga Mananaliksik. hikayatin na lalong pag-aralan at dokumentuhin ang mga alamat at iba pang anyo ng panitikan ng bayan upang mas mapalawak ang kaalaman at mapreserba ang yaman ng kultura para sa susunod na henerasyon.

## TALASANGGUNIAN


**[1].** Bernales (2008). Maunawang Pagbasa at Akademikong Pagsulat: Introduksyon saPananaliksik. Malabon City. Mutya Publishing House, Inc.

**[2].** Bernales at Bernardino (2014). Pagbasa, Pagsulat at Pananaliksik: Batayan saSanayang-Aklat sa Filipino 3, Antas Tersyarya. Malabon City. Mutya PublishingHouse, Inc.

**[3].** Catipay (2019), Unang Bahagi: ang kulturang Pilipino at kahagahan nito. https://philpapers.org

**[4].** Crossman (2020) Ang ibat ibang kultura ng Pilipinas. https://philpapers.org

**[5].** De Laza at Batnag (2016), Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo saPananaliksik - Unang Edisyon. Sampaloc, Manila. Rex Book Store, Inc. pp. 145.

**[6].** Dr. Escultor G. R. (2023) Isang pagpapahalaga ng Editiolohikal at di-etiolohikal, Surigao del Norte State University, pp.125-137

**[7].** G. Jose R. Santos (2022) Kasanayan sa Pagsusulat ng Sanaysay

**[8].** Genaro R. Gojo Cruz (2000) Philippines Cultural Patterns, Philippine Studies, 11(2),151-175

**[9].** Genaro R. Gojo Cruz (2000) Supplemental Worksheet: Gabay sa Pagkatuto at Pag-unawa ng Self-learning Module sa Filipino. Laguna State Polytechnic University. EPRAInternational Journal of Research and Development (IJRD) Vol. 6, Issue, 07.)

**[10].** Komisyon sa Wikang Filipino. Medyo Matagalang Plano 2017-2020 ng KWF.Karapatang Sipi 2016.Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino

**[11].** Maranan et al. (2016). Ang Guru: Komunikasyon at pananaliksik sa Wika at KulturangPilipino. Recoletos St. Intramuros, Manila: Mindshappers Co., Inc.

**[12].** Mortera M.O. (2014). Pantulong sa Pananaliksik sa Filipino sa Iba't Ibang Disiplina.Mandaluyong City. Books Atbp. Publishing Corp.

**[13].** Pangan et al. (2014). FILIPINO 2 SA KOLEHIYO: Pagbasa, Pagsulat, at Pananaliksik.Malabon City. Mutya Publishing House, Inc.

**[14].** Rene O. Villanueva (2005) Gabay sa Pagbasa, Pagsulat at Pananaliksik sa Filipino. Wiseman'sBooks Trading, Inc. pp. 67-68.

**[15].** Sioson et al. (2014). Pananaliksik sa Filipino Mula sa Pagbasa at Pagsulat.Mandaluyong City: Books Atbp. Publishing Corp.B. Dyornal, Peryodikal at Iba Pang Batayan.

**[16].** Torres Yu, Rosario.2016 PANITIKANG PAMBATA, EDUKASYON, AT KONSEPTO NG BATA: Mga Palaisipan at Panukala. https://www.scribd.com › document